**Pagtanggol kay Papa San Gregoryo XVII ang Napakadakila**

Una sa lahat, isang maikling pagbalik-tanaw sa Romanong Simbahan sa mga taong 1960.

Ang pagpasok ng mga kaaway (mga komunista, judaics, lutherans, etc.) sa Roman Curia o Pamunuan sa Romano at sa lahat ng panig ng Simbahan ay umabot sa puntong nakaaalarma. May mga dokumentong hindi mapag-aalinlanganan na nagpapatunay sa pagpasok na ito. Ito ay humantong sa isang punto na sa Roman Curia kung saan ang Papa San Pablo VI ay kinontrol tulad sa isang papet at isinailalim sa mga druga na nagpahina sa kanyang isip.

Ang progresibismo ay kumalat sa lahat ng panig ng Simbahan, kumukontra sa lahat ng tradisyonal, lahat ng tunay na gawain ng kabanalan, lahat ng tunay na debosyon. Ang imbalidong *novus ordo missae* ay inimbento at ang 2,300 araw na tinuran sa propesiya ni Propetang Daniel tungkol sa abolisyon ng Perpetwal na Sakripisyo ay nagsimula.

Sa Espanya, ang huling balwarte ng Katolisismo sa mundo, ay maraming mga pari ang nangaral laban sa dakila, pinakakristiyanong Caudillo, San Francisco Franco.

Sa ilalim ng malaking panggigipit, ang Simbahan ay bumigay sa pagpayag sa maling paniniwalang teorya ng ebolusyon.

Ang Simbahan, sa ilalim ng malaking panggigipit, ay bumigay sa usapin ng kontrasepsiyon at pinayagan ang ritmong paraan ng pagkontrol sa pagbuntis.

Sa mga usaping hindi dogma ay mayroon pa ring nakatatakot na mga mali na kapansin-pansing nakadungis sa Banal na mga Turo ng Simbahan: halimbawa, na ang Banal na Ispiritu ay hindi Grasyang Nagpapabanal, na sa katotohanan ay tunay nga na Siya ay Grasyang Nagpapabanal, at malapit na yumayakap sa buong pagkatao ng isang tao na nasa estado ng Grasya; o na ang puting kulay ng Eukaristiya ay hindi ang kaputian ni Kristo sa Sakramento, samantalang ito ay iyon nga, dahil Siya ay gumagampan sa kung ano ang uri o kulay ng tinapay; o na ang mga Kaluluwa ni Kristo at ni Maria ay hindi dati nang nananatili sa simula pa ng Paglalang, na ang mga iyon ay dati nang nananatili.

May mga mahalagang problemang pangdoktrina ang hindi pa nareresolba; halimbawa: katalagahan, na sa ngayon ay alam na natin na hindi umiiral; at partikular na paghukom, na sa ngayon ay alam na natin na ang tao mismo ang nagdedesisyon sa kanyang sariling kaligtasan o pagkapahamak, isang desisyon na pinagtitibay ng Diyos, iginagawad ang nauukol na parusa.

Si Papa San Juan XXIII, pinukaw ng Banal na Ispiritu, ay tumawag ng Vatican Council II, subali’t hindi nagtagal ang mga pari ng konseho ay bumuto na pawalang-saysay ang nakahandang mga teksto na puno ng napakabuting mga doktrina at binigyang-daan ang malayang pagtalakay. Ang Council ay nauwi sa isang conciliabulum at patuloy na nagresulta sa mga doktrinang mali, moderno, progresibista, singkretisko, at iba pa.

Bilang resulta ng Vatican II conciliabulum, simula sa taong 1965, ang bawa't Relihiyosong Orden ay kinailangang magbuo ng pangkalahatang sangay sa Roma, at inilipat ang mother house ng kanilang Orden sa Roma. Ang unang pangkalahatang sangay ay ang Salesians, kinokonsiderang isang huwaran para sa lahat ng mga Orden. Kinailangang ilipat nila ang kanilang mother house mula sa Turin tungo sa Roma. May isang Salesian ang nagkomento: 'mula noon, ang lahat ng nagmula sa Roma ay lahat nakurapto ng progresibismo.'

PAANO PA KAYA MALULUNASAN ANG GANOONG MGA KASAMAAN?

Sa taong usapan ito ay imposible kahit pa pigilan ang mga ito. Tanging ang Panginoon ang makapagpapawalang-bisa sa kasamaan. Siya mismo ang pumili ng kinakailangang kasangkapan, nag-aalab, hindi humuhupa, hindi sumusuko, dinamika, bulag na sumusunod sa mga utos ng Panginoon, isang dakilang mangangaral, isang nagmamahal sa tradisyon, at isang pinakamatapat na anak ng Pinakabanal na Birheng Maria. Siya ay ipinanganak noong ika-23 ng Abril sa taong 1946 sa Sevilla, Espanya, at ang kanyang pangalan ay Clemente Domínguez y Gómez.

Siya ay nagsilbi bilang isang sakristan sa Katedral ng Sevilla kay Kardinal Segura, na nagsabi sa kanya: "Kahi't kailan ay hindi ka matututong umawit," at sa ibang sandali: "Ikaw ay magiging isa sa aking mga kahalili," at ang parehong mga propesiya ay nagkatotoo. Siya ay nakaramdam ng pagkaakit sa buhay relihiyoso at nais na maging isang Dominican. Simula Setyembre 1969 siya ay naging isang seer, o propeta, hindi pangkaraniwan, sa Lugar ng mga Aparisyon sa El Palmar de Troya, Sevilla. Siya ay tumanggap ng maraming mga mensahe tungkol sa kalagayan ng Simbahan, mahigit sa 100 tungkol sa malungkot na persekusyon kay San Pablo VI sa Vatican, mga mensahe na kanyang ipinalaganap sa lahat ng bahagi ng mundo at personal na iniabot sa maraming mga Pari at mga Obispo sa maraming mga bansa sa utos ng Panginoon, kung kaya ang buong Simbahan ay nalaman ang tungkol sa kalagayan ng Papa. 17 mga Pari (9 mga relihiyoso at 8 mga seglar) at maraming mga mananampalataya ang nakiisa kay Clemente sa kanyang maalab na pagsisikap upang mahatak ang Simbahan mula sa kanyang pagkakalugmok.

Itinatag ni Clemente ang Orden ng Carmelitas ng Banal na Mukha noong ika-23 ng Disyembre 1975, at ilang araw ang nakaraan ay inordenan bilang Pari noong 1-1-1976 at kinonsagrang Obispo noong 11-1-1976, ni Arsobispo San Pedro Martin Ngô-dinh Thuc, na tumanggap halos ng mga kapangyarihan ng papa mula kay Papa San Pio XI. Sa dalawang mga petsa na ito ang 2,300 araw na tinuran ni Propetang Daniel sa kanyang propesiya tungkol sa abolisyon ng Banal na Sakripisyo ng Misa sa pamamagitan ng imposisyon ng *novus ordo missae* noong 1969 ay nagtapos. Noong 29-5-1976, si Padre Clemente ay nawalan ng kanyang dalawang mga mata sa isang sakuna sa kotse. Subali't bandang Hulyo ng sumunod na taon, para sa kapistahan ng Carmel, siya ay nagdaos ng unang Nobena ng mga Misa Pontipikal sa Kasaysayan ng Simbahan na may nag-aalab na sermon sa bawa't araw. Anong pagmamahal para sa Simbahan!

Oh, Ano kadakila ng ngayon Padre Clemente, nagtatag ng isang Orden na tinipon ang lahat noong mga Pari at mga Relihiyoso na nais magpatuloy sa awtentikong buhay relihiyoso na walang modernismo, pagpapabaya at erehya! Sa parehong pagkakataon ay sinimulan niyang binuo para sa pagiging Pari ang maraming mga kabataang nakiisa, at iyong mga nararapat ay kinonsagrang mga Obispo, para makabuo ng isang malaking Episcopal College o Kalipunan ng mga Obispo at hadlangan ang malaking karamihan na opisyal na mga obispong nabahiran ng progresibismo at pagwawalang-bahala sa kalagayan ng Simbahan. Ang Simbahan ay nagsimulang bumangon muli mula sa mga lugar ng pagkasira na nahimlayan nito! Maliban sa kanyang gawaing pag-organisa sa lumalaking Orden at bilang Superior ng bagong komunidad, si Padre Clemente ay patuloy sa kanyang apostolado nagdadala ng mga mensahe at mga ulat sa maraming mga pari at mga Obispo, na tinatanggap nang may galang at respeto; subali't may ibang kaunti na naiiba, na hindi nakatatagpo ng kinakailangang integridad sa harap ng nakaaalarmang sitwasyon. Ganoon ang dalawang mahabang mga taon ay lumipas hanggang sa kanyang pagkakapili bilang Papa.

Noong 6-8-1978 si Papa San Pablo VI ay namatay. Ang Simbahan ay naiwang ulila. Dahil sa dami ng nakapasok na mga kaaway sa Roman Curia, ang isang balidong eleksiyon ng isang kahalili ay hindi na posible. Kung kaya ang Hindi Nakikitang Pinuno ng Simbahan, ang Ating Panginoong Hesukristo, ay kinailangang mamagitan; kung kaya si Padre Clemente ay direktang piniling Papa ng Panginoong Hesukristo nang parehong araw na iyon 6-8-1978, sa pangalang Gregoryo XVII. Noong 9-8-1978 si Papa Gregoryo XVII ay dumating sa El Palmar de Troya, kung saan ang Banal na Pamunuan ay inilipat. Ang buong satanikong plano para sirain ang Katolikong Simbahan ay hindi naisagawa sa isang bagsak: ang romanong simbahan, nawasak, ay hindi na ang Katolikong Simbahan, at ang lahat noong mga batalyon ng nakapasok na mga kaaway ay naiwanan ng isang walang-buhay na kontra-simbahan. Subali't ang Katolikong Simbahan ay muling bumabangon, at ngayon ay tinatawag na Palmaryano.

Agad ang bagong Papa ay nagsimulang magpasunod ng kaayusan. Sa pamamagitan ng kanyang mga Dokumento Pontipikal, ay una niyang muling pinatatag ang tradisyonal na Misa, at pinawalang-bisa ang *novus ordo*, komunyon sa kamay at nakatayo. Kanyang itinakda ang mga dogmang nakapending tungkol sa Pinakabanal na Birheng Maria at Pinakabanal na Jose. Muli niyang itinatag ang disiplinang pansimbahan, pagpapawalang-bisa sa mga konselebrasyon, nagtatrabahong mga pari, pangkalahatang absolusyon, ang paraan ng ritmo sa pagkontrol ng pagbuntis, nagpatupad siya ng mga sutana para sa mga Pari, Latin sa Liturhiya, muling pinagtibay ang buhay na walang asawa sa mga Pari, at pagpawalang-bisa sa lahat ng mga prebilihiyong ibinigay sa usaping ito, at iba pa. Sa kanyang mga Dokumento Pontipikal ay nagpatuloy siya sa maraming mga Kanonisasyon at mga Dokumentong Pangdoktrina na lubos ang importansiya.

Ang Palmarian Ecumenical Councils. Noong ika-30 ng Oktobre 1979, nasa pangalawang taon pa lamang ng kanyang Papado, nang si Papa San Gregoryo XVII ay nagsagawa ng kombukasyon: *"Kami, Bikaryo ni Kristo sa Mundo, Kataas-taasang Papa sa grasya ng Diyos,*

*na naghahari sa pangalang Gregoryo XVII, ay nagpapahayag sa buong Simbahan at sa mundo ng sumusunod: Ginagabayan ng Banal na Ispiritu, sa Kapangyarihan ng Ating Panginoong Hesukristo, kasama ang mga Apostoles San Pedro at San Pablo, at kasama ang Aming Sarili: Kami ay tumawag ng Banal, Dakila, Dogmatiko, Palmaryanong Konseho."* Binuksan niya ang Unang Palmaryanong Banal na Konseho noong 30-3-1980, na tumagal ng mahigit labindalawang taon hanggang 12-10-1992. Binuksan niya ang Pangalawang Palmaryanong Banal na Konseho noong 16-4-1995, na tumagal ng mahigit pitong taon hanggang 12-10-2002. Ang mga iyon ang dalawang pinakamahahabang Konseho sa kasaysayan, na may total na mahigit 20 taon. Sa pamamagitan nitong dalawang Holy Ecumenical Councils, sa unang pagkakataon ang Simbahan ay nagkaroon ng kumpletong dogmatikong doktrina: tungkol sa Teolohiya, ang mga Sakramento, ang Pinakabanal na Trinidad, Katolikong mga Moral, ang Banal na Bibliya, ang Katekismo at Canon Law o Batas Pangsimbahan. At bilang bunga ng mga Konsehong ito ngayon ay mayroon nang Ecclesiastical History o Kasaysayan ng Simbahan, dogmatiko rin, lubos na kinakailangan para ituwid ang maraming mga mali sa materyal na ito.

Ano kadakila, ang Papado na ito! Ang Simbahan ay muling bumangon, dinalisay at pinatatag sa kanyang Doktrina, sa kanyang Herarkiya at sa kanyang mga kasapi, sa kanyang disiplina, sa kanyang muling pinalakas na pagsamba at sa kanyang organisasyon. At ang lahat ng ito ay utang sa isang tao na maraming birtud o kabutihan, mapagpakumbaba at mapagpasensiya, at kahanga-hangang tapang: Papa San Gregoryo XVII ang Napakadakila, sa tulong ng kanyang mga kaagapay. Gaano ang utang na loob ng Simbahan sa Papa na ito! At gaano ang utang na loob ng buong sangkatauhan sa kanya! At ang kasalukuyang Papa, ang Kanyang Kabanalan Papa Pedro III, ay nagpapatuloy ng kanyang pinagpaguran, inaayos ang napakaraming mahalagang mga usapin at inihahanda ang Simbahan para sa malaking mga grasyang ipinangako. Ang sino mang kasama ng Papa ay kasama ni Kristo, at ang sino mang kumukontra sa Papa ay kumukontra kay Kristo!

Padre Ambrosio María